


7

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 6: Komposisyon ng Populasyon at Kahalagahan ng Yamang Tao sa Asya



**Araling Panlipunan – Baitang 7**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Unang Markahan – Modyul 6: Komposisyon ng Populasyon at Kahalagahan ng**  
**Yamang Tao sa Asya**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Myra A. Abique

**Editor:** Rosario G. Caluya, Florenil M. Malabayabas, Diana P. Nobleza  
Marineil S. Perez

**Tagasuri:** Pedro J. Dandal Jr., Margielyn E. Tomanggong, Nora A. Nangit  
Joseph L. Lozanta, Thelma M. Salvacion

**Tagaguhit:** Teodorico A. Cabildo, Sergio M. Tupaz, Eric M. Montemar

**Tagalapat:** Esperidion D. Soleta Jr.

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Melbert S. Broqueza

Danilo C. Padilla

Freddie Rey R. Ramirez

Aurelia B. Marquez

Rodgie S. Demalinao

Pedro J. Dandal Jr.

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – MIMAROPA Region**

Office Address: Meralco Avenue, corner St. Paul Road, Pasig City

Telephone Number: (02) 6314070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

**Unang Markahan - Modyul 6:  
Komposisyon ng Populasyon at  
Kahalagahan ng Yamang Tao sa Asya**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Binabati kita at matagumpay mong nakamit ang mahahalagang kaalaman tungkol sa pangangalaga sa kalagayang timbang ng ekolohiko ng Asya. Natutunan mo rin na kailangan ang balanseng timbang ng ekolohiko ng rehiyon upang mapaunlad ang ating pamumuhay. Sa araling ito ay malalaman mo ang ugnayan ng yamang tao sa bansa. Pag-aaralan mo rin kung bakit kailangan ang yamang tao. Upang makamit ang mga kaalaman sa araling ito, gabay mo ang sumusunod na pamantayan sa pagkatuto.

### **Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.

### **Pamantayan sa Pagganap**


Ang mag-aaral ay malalim na nakapag-uugnay-ugnay sa bahaging ginampanan ng kapaligiran at tao sa paghubog sa sinaunang kabihasnang Asyano.

### **Pamantayan sa Pagkatuto**

Nasusuri ang komposisyon ng populasyon at kahalagahan ng yamang tao sa Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon.

**(AP7HAS-Ij-1.10)**

Handa ka na bang tumuklas ng mga bagong kaalaman? Halina't sagutan ang sumusunod na gawain. Ito ay makatutulong sa iyong pang-unawa sa ating paksa.



## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga katanungan, pagkatapos ay subukan mong sagutan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa talino, kakayahan, lakas, dami, at iba pang katangian ng tao na magagamit sa paggawa ng mga produkto at serbisyo?  
A. yamang dagat  
B. yamang lupa  
C. yamang mineral  
D. yamang tao
2. Ano ang maaaring magandang implikasyon o epekto ng malaking populasyon ng Asya sa pag-unlad ng rehiyon?  
A. Marami ang taong pakakainin sa bawat bansa sa Asya  
B. Marami ang kailangang makapagtapos ng pag-aaral sa Asya  
C. Marami ang magrereklamo sa pamahalaan ng mga bansa sa Asya  
D. Marami ang yamang tao at lakas-paggawa na makapagpapaunlad sa Asya
3. Batay sa estadistika, normal ang hitsura ng population pyramid ng Pilipinas. Ibig sabihin, sapat ang dami ng gitnang populasyon para matugunan ang mga pangangailangan ng buong populasyon. Ngunit sa kabila nito ay mabagal pa rin ang pag-unlad ng bansa. Ano kaya ang maaaring dahilan?  
A. Katamaran ng mga Pilipino  
B. Kawalan ng trabahong mapapasukan  
C. Mataas na presyo ng mga bilingin  
D. Mabilis na paglaki ng populasyon
4. Ano ang tawag sa kakayahang magbasa, magsulat, at magbilang ng isang tao?  
A. functional candidacy  
B. congenital literacy  
C. functional literacy  
D. general education
5. Ano ang kahulugan ng positibong antas ng paglaki ng populasyon?  
Ang positibong antas ng paglaki ng populasyon ay \_\_\_\_\_ ang mamamayan ng bansa.  
A. tumatalino  
B. dumarami  
C. tumataba  
D. umuunlad
6. Malaki ang epekto ng paglaki ng populasyon sa ating likas na yaman sapagkat maraming mamamayan ang nangangailangan ng mga hilaw na materyales lalo't higit sa mga bansang mauunlad at bansang papaunlad pa lamang. Kung ating susuriing mabuti, ano ang magiging implikasyon nito sa ating likas na yaman ng Asya pagdating ng panahon?  
A. Ang likas na yaman ng Asya ay mauubos o mawawala.  
B. Maprepreserba ang mga yamang likas ng Asya.  
C. Aangkat ang mga bansa sa Asya sa ibang mga kontinente.  
D. Higit na madaragdagan ang likas na yaman ng Asya.

7. Ang paglaki ng populasyon ay may malaking implikasyon sa ating likas na pinagkukunan. Paano naging magkaugnay ang tao at ang likas na pinagkukunan?
  - A. Ginagamit ng tao ang likas na pinagkukunan upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan.
  - B. Ginagamit ng tao ang mga likas na pinagkukunan para lamang sa pansariling pag-unlad.
  - C. Ginagamit ng tao ang likas na pinagkukunan upang mapakinabangan nang lubos.
  - D. Ginagamit ng tao ang mga likas na pinagkukunan upang mabuhay nang matiwasay at mapaunlad ang pamumuhay.
8. Ang tao ay itinuturing na yaman ng isang bansa. Bilang isang kabataaan, paano mo maipakikita na ikaw ay yaman ng bansa?
  - A. Pagsusumikap na makapagtapos ng pag-aaral at maging produktibong mamamayan.
  - B. Pagsali sa mga rally upang maiparinig ang tinig ng kabataaan.
  - C. Pakikibahagi sa mga gawain na magbibigay ng pansariling kasiyahan.
  - D. Sisikapang maragdagan ang kaalaman upang magamit sa pansariling kapakanan.
9. Ang yamang tao ay katuwang sa pagpapaunlad ng isang bansa at maituturing na kayamanan. Sa iyong palagay, bakit itinuturing na pinakamahalagang yaman ng isang bansa ang tao?
  - A. Dahil ang tao ang nangangalaga sa kaniyang kapaligiran ngunit inaabuso naman kalaunan.
  - B. Dahil ang tao ang lumilikha ng mga produkto para sa kanyang sariling interes at kasiyahan.
  - C. Dahil ang tao ay may kakayahang kilalanin ang pangangailangan ng iba ngunit walang sapat na kaalaman upang tugunan ito.
  - D. Dahil ang tao ang nangangalaga at lumilinang ng likas na yaman para sa kapakinabangan ng lahat.
10. Ang paglaki ng populasyon ay isa sa suliraning kinakaharap ng ilang bansa sa daigdig. Alin sa mga sumusunod na bansa ang may pinakamalaking populasyon sa daigdig?
 

A. India	C. China
B. Indonesia	D. Pakistan
11. Ang paglaki ng bilang ng populasyon sa Pilipinas ay pinangangambahan na magdulot ng ibayong problema sa bansa. Ano ang magiging epekto ng patuloy na pagtaas ng populasyon sa ating bansa?
  - A. Mas darami ang manggagawang Pilipino.
  - B. Mas lalala ang kahirapan at negatibong epekto sa kalikasan.
  - C. Tataas ang antas ng pag-unlad ng mga tao.
  - D. Hindi na mahihirapan ang mga tao sa paghahanap ng trabaho.
12. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagpapataas sa antas ng karunungan sa pagbasa at pagsulat sa iyong bansang kinabibilangan?
  - A. Maghahanap ako ng mga taong maaaring makatulong sa kanila.
  - B. Ibabahagi ko ang aking kaalaman sa pagbasa at pagsulat sa mga kabataang hindi nakapag-aral.
  - C. Ibibigay ko ang kanilang pangangailangan upang makatulong sa kanilang pag-aaral.
  - D. Isusulong ko ang mga proyekto ng paaralan upang makatulong sa mga batang walang kakayahang makapag-aral.

13. Kung ang populasyon ng isang bansa ay binubuo ng mga bata at matandang populasyon, ano ang nakikita nating implikasyon sa usaping pang-ekonomiya ng isang bansa?
- Magkakaroon ng maraming lakas-paggawa.
  - Magkakaroon ng kakulangan sa lakas-paggawa,
  - Mas marami ang dapat na bigyan ng atensiyon ng pamahalaan sa aspetong medikal.
  - Mas maraming mamamayan ang dapat mangibang bansa.
14. Ayon sa Population Commission o PopCom, patuloy ang paglobo ng populasyon ng Pilipinas. Ano sa palagay ninyo ang kahihinatnan ng tao at ng ating bansa kapag nagpatuloy ang ganitong sitwasyon?
- Mas magiging produktibo ang mga tao at tataas ang produksiyon ng bansa.
  - Magiging maayos ang takbo ng ekonomiya ng bansa dahil sa pangangibang-bansa ng mga OFW.
  - Mas tataas ang bilang ng populasyon at kakambal nito ang pagkukulang sa pinagkukunang yaman ng pangangailangan ng tao.
  - Magkakaroon ng mas maraming oportunidad at hindi na maghihirap ang tao.
15. Sinisikap ng Indonesia na makontrol ang paglaki ng kanilang populasyon sa kanilang programang Quality Family 2015 subalit maraming naging balakid upang maisakatuparan ang kanilang layunin. Alin sa sumusunod ang mga naging balakid sa pagpapatupad ng kanilang programa?
- Ang pagkakaroon ng mga lokal na tradisyon at kultura.
  - Ang pagiging Islamiko ng karamihang mamamayan.
  - Kakulangan ng panahon upang maipatupad ang programa.
  - Ang pagtanggap at kaugalian ng mamamayan sa kanilang bansa.
- I, II, III
  - II, III, IV
  - I, II, IV
  - I, III, I



## Aralin

# 1

## Komposisyon ng Populasyon at Kahalagahan ng Yamang Tao sa Asya



### *Balikan*

#### **Gawain 1: Halika, Buoin Natin!**

**Panuto:** Gawin at subukin mong buoin ang mga salitang may kinalaman sa suliraning pangkapaligiran. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. SEREDITIFACTION --- tumutukoy sa pagkasira ng lupain sa mga rehiyong bahagyang tuyong o lubhang tuyong na kapag lumaon ay hahantong sa permanenteng pagkawala ng kapakinabangan o productivity nito;
- \_\_\_\_\_ 2. LISAINZATION--- lumilitaw sa ibabaw ng lupa ang asin o kaya naman ay inaanod ng tubig papunta sa lupa. Nagaganap kapag mali ang isinasagawang proseso ng irigasyon;
- \_\_\_\_\_ 3. AHIBTAT--- tirahan ng mga hayop at iba pang mga bagay. Ito ang pangunahing apektado ng land conversion o paghahawan ng kagubatan;
- \_\_\_\_\_ 4. COELOIGCAL ABLANCE--- balanseng ugnayan sa pagitan ng mga bagay na may buhay at ng kanilang kapaligiran;
- \_\_\_\_\_ 5. EDORFESTIONTA--- pagkaubos at pagkawala ng mga punongkahoy sa mga gubat;
- \_\_\_\_\_ 6. LISATTION--- parami at padagdag na deposito ng banlik na dala ng umaagos na tubig sa isang lugar;
- \_\_\_\_\_ 7. DER EDIT--- sanhi ng dinoflagellates na lumulutang sa ibabaw ng dagat;
- \_\_\_\_\_ 8. ENOZO REYAL--- nagpoprotekta sa mga tao, halaman, at hayop mula sa masamang epekto ng radiation na dulot ng ultraviolet rays.



## Tuklasin

### Gawain 1: Sanhi at Bunga!

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang mga bunga patungkol sa mga sanhi na nakasulat sa Hanay A. Itapat ito sa pamamagitan ng guhit. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

#### HANAY A


- Patuloy na pagdami ng tao sa isang bansa
- Kapag mababa ang literacy rate ng isang bansa
- Mataas na GDP ng isang bansa
- Ang mataas na birth rate ng isang bansa

#### HANAY B

- Nangangahulugan na mas malaki ang potensiyal sa paglaki ng populasyon ng bansa
- Karagdagang presyur sa likas yaman ng mundo
- Magiging mabagal din ang pagsulong ng kaunlaran ng estado
- Masasabing maunlad at matiwasay ang bansa

### Gawain 2: "PICTO-SURI"


Panuto: Patuloy na dumarami ang bilang ng tao sa Asya at sa buong daigdig. Suriin mo ang larawan at sagutan ang mga pamprosesong tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



**Sa bawat sampung tao sa mundo, anim ang naninirahan sa kontinente ng Asya.**

#### Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ipinahihiwatig ng larawan?
2. Batay sa iyong pagsusuri, ano ang maaari mong mahinuha patungkol sa larawan?
3. Sa tingin mo, may malaking gampanin ba ang ating pamahalaan sa sitwasyong ito?
4. Bilang mamamayan at mag-aaral, may magagawa ka ba sa patuloy na pagtaas ng populasyon sa bansa? Ipaliwanag.



## **Suriin**

### **Ang Yamang Tao sa Asya**

Patuloy ang paglaki ng populasyon sa daigdig. Ito ay isa sa mga suliraning kinakaharap ng ilang mga bansa sa daigdig sa kasalukuyang panahon. Ayon sa ulat ng United States Census Bureau, tinatayang ang kabuoang bilang ng populasyon ng daigdig ay umaabot sa 7.005 bilyon. Sinasabi sa ulat na 60 bahagdan ng kabuoang populasyon sa daigdig ay nanggaling sa Asya.

Kung kaya, mahalagang mapag-aralan at masuri ang katangian ng populasyon ng mga bansa sa Asya. Sa pag-aaral na gagawin, kinakailangang mabigyang-kahulugan ang pangunahing salita na karaniwang ginagamit sa pagtataya ng implikasyon ng populasyon sa pag-unlad ng kabuhayan ng isang lugar gaya ng sumusunod:

- **Populasyon ng Asya**- Hindi pantay ang distribusyon ng populasyon ng Asya. Ang karamihan ng mga tao sa Asya ay naninirahan sa mga pook rural. Bagaman mapupunang napakabilis din ng paglaki o pagdagsa ng tao sa pook na urban dahil sa maraming trabahong maaaring matagpuan dito;
- **Distribusyon ng Kakapalan ng Tao**- Ang isang pook na nasa maayos na lokasyon/kinaroroonan at walang labis na lamig at init, ay nangangahulugang nasa sonang tropiko ito. Natural, mainam din ang klima at panahong mararanasan. Kung gayon, mayaman din ito sa likas na yaman dahil mataba ang kanyang lupa, at may mga halaman at hayop na nabubuhay sa gubat o sa kapatagan. Ang kabundukan nito ay may mga yamang mineral at marahil mayroon din itong mga hayop at bulaklak na pambihira. Sa ganitong katwiran, kakapal ang tao. Bukod sa marami ang mandarayuhan upang makipagkalakalan, mahihikayat din silang tuluyan nang manirahan sa mga nabanggit na bansa.
- **Literacy o Kamuwangan**- Ito ay nagnangahulugang ang tao ay nakauunawa ng mga bagay-bagay at marunong siyang bumasa at sumulat. Naipapahayag ang saloobin, malayang naipagtatanggol ang sarili, nasusunod ang mga batas at may kakayahangsumagap ng tamang impormasyong makaaapekto sa kanya at sa kapaligiran.
- **Life Expectancy**- inaasahang haba ng buhay;
- **Gross Domestic Product (GDP)**- ang kabuoang panloob na kita ng isang bansa sa loob ng isang taon;
- **GDP per capital**- kita ng bawat indibiduwal sa loob ng isang taon sa bansang kaniyang panahanan. Nakukuha ito sa pamamagitan ng paghahati ng kabuoang GDP ng bansa sa dami ng mamamayang naninirahan dito;
- **Unemployment Rate**- tumutukoy sa bahagdan ng populasyong walang hanapbuhay o pinagkakakitaan;
- **Literacy Rate**- tumutukoy sa bahagdan ng populasyon na marunong bumasa at sumulat;
- **Migrasyon**- pandarayuhan o paglipat ng lugar o tirahan.

**Pinagkunan:** *PROJECT EASE (Effective Alternative Secondary Education) Araling Panlipunan II, Yamang- Tao sa Asya, Pahina 19-27*

Pag-aralan mo naman ang talahanayan sa ibaba at pagtuunan ng pansin ang mga katangian ng populasyon. Sagutan ang mga gawain sa susunod na mga pahina batay rito.

### Talahanayan 1: Katangian ng Populasyon sa Asya


Bansa	Populasyon	Gulang			Life Expectancy	Growth Rate	Kasarian	
		0-14	15-65	65+			Babae	Lalaki
Afghanistan	28,149,916	43.2	54.4	2.5	44.65	2.47	14,578,682	13,571,234
Armenia	3,082,951	17.4	72.7	9.9	72.96	0.02	1,436,966	1,645,985
Azerbaijan	8,832,172	22.7	71	6.3	67.01	0.81	4,316,716	4,515,456
Bahrain	791,473	20.2	77.2	2.6	75.40	1.24	454,152	337,321
Bangladesh	162,220,762	33.6	61.6	4.8	60.63	1.27	82,032,166	80,188,596
Bhutan	697,335	28.4	65.8	5.8	66.71	1.24	367,631	329,704
Brunei	339,687	25	71.3	3.7	75.96	1.73	206,305	193,382
Cambodia	14,805,358	31.9	64.3	3.8	65.52	1.78	7,244,747	7,560,611
China	1,345,750,973	17.4	73.5	9.1	74.51	0.49	698,405,850	647,345,123
Georgia	4,260,333	15.5	68.4	16.1	76.93	-0.33	2,003,918	2,256,415
India	1,198,003,272	29.3	65.2	5.6	66.46	1.38	618,942,535	579,060,737
Indonesia	229,964,723	27	66.6	6.4	71.05	1.10	114,807,198	115,157,525
Iran	74,195,741	23.9	71.7	5.1	71.43	0.94	37,729,913	36,467,828
Iraq	30,747,296	37.6	59.3	3.1	70.25	2.45	15,545,729	15,201,567
Israel	7,169,556	27.5	62.2	10.3	80.86	1.63	3,555,439	3,614,117
Japan	127,156,225	13.5	62.6	23.9	82.17	-0.24	61,939,779	65,216,446
Jordan	6,316,432	34.9	60.2	4.9	79.92	2.16	3,239,280	3,239,280
Kazakhstan	15,636,987	24.4	68.8	6.7	68.19	0.40	7,447,034	8,189,953
North Korea	23,906,070	22	68.7	9.3	64.13	0.39	11,804,293	12,101,777
South Korea	48,332,820	15.1	7.3	11.9	78.81	0.26	23,931,788	24,401,032
Kuwait	2,985,046	25.1	72.3	2.1	77.89	3.50	1,777,238	1,207,808
Kyrgyztan	5,482,200	29.6	65.5	4.9	69.74	1.41	2,704,978	2,777,222
Laos	6,320,429	36.1	60.1	3.7	56.96	2.29	3,153,478	3,166,951
Malaysia	27,467,837	29.4	65.5	5.1	73.55	1.70	13,946,639	13,521,198
Maldives	309,430	21.2	74.6	4.1	74.21	-0.18	156,260	153,170
Mongolia	2,670,966	27.1	68.9	4	67.98	1.50	1,320,984	1,349,982
Myanmar	50,019,775	27.1	67.8	5.1	64.9	1.75	24,433,683	25,586,092
Nepal	29,330,505	33.5	62	4.4	65.81	1.42	14,567,674	14,762,831
Oman	2,845,415	30.8	66	3.2	73.97	2.00	1,605,162	1,240,253
Pakistan	180,808,096	34.7	61	4.2	65.62	1.51	93,101,700	87,706,396
Philippines	91,983,102	34.3	61.3	4.3	71.38	1.93	46,327,763	45,665,339
Qatar	1,409,423	12.5	86.7	0.8	75.51	0.87	1,062,942	346,481
Singapore	4,736,878	14	78.3	7.8	82.06	0.86	2,380,071	2,356,807
Sri Lanka	20,237,730	24.9	67	8.1	75.30	0.86	9,965,629	10,272,101
Syria	21,906,156	34.6	61.6	3.8	74.46	1.95	11,056,330	10,849,826
Tajikistan	6,952,223	33.7	63	3.3	65.68	1.85	3,432,263	3,519,960
Thailand	67,764,033	19.5	71	9.5	73.36	0.60	33,327,947	34,436,086
Timor-Leste	1,133,594	43	53.5	3.5	67.61	2.00	577,044	556,550
Turkey	74,815,703	26.2	67.4	6.4	72.23	1.27	37,579,409	37,236,294
Turkmenistan	5,109,881	27.2	68.8	4.1	68.20	1.14	2,517,980	2,591,901
UAE	4,598,600	20.5	78.5	0.9	76.32	3.56	3,093,246	1,505,354
Uzbekistan	27,448,220	25.8	69.5	4.7	72.24	0.94	13,664,259	13,823,961
Vietnam	88,068,900	24.9	69.6	5.5	71.94	1.10	43,498,243	44,570,657
Yemen	23,580,220	42.5	54.9	2.6	63.36	2.71	11,922,786	11,657,434

Pinagkunan: En.worldstat.info/Asia/List\_of\_countries\_by\_Net\_migration\_rate UN Statistics Division Department of Economic and Social Affairs. "World Population Prospects: The 2008 Revision"

## Talahanayan 2: Katangian ng Populasyon

Bansa	Bahagdan ng Marunong Bumasa	Bahagdan ng Migrasyon	Unemployment rate	GDP Per-Capita
Afghanistan	29.0	3.3	36.0	1,000
Armenia	99.6	-3.8	7.0	5,500
Azerbaijan	99.8	-1.1	6.0	10,300
Bahrain	94.6	16.1	15.0	27,900
Bangladesh	56.8	-1.6	5.0	735
Bhutan	47.0	0	4.0	6,200
Brunei	92.7	2.6	3.7	50,000
Cambodia	73.6	-0.3	1.68	2,200
China	82.2	-0.3	4.1	8,500
Georgia	99.7	-4.1	16.3	5,600
India	74.04	-0.1	3.8	3,700
Indonesia	90.4	-1.2	6.56	4,700
Iran	77.0	-0.1	11.5	13,200
Iraq	78.2	0	18	3,501
Israel	97.1	2.1	7.1	31,282
Japan	99.0	0	4.5	35,200
Jordan	92.6	-14.3	11.9	4,666
Kazakhstan	99.5	-3.3	6.1	13,200
North Korea	99	0	NA	1,800
South Korea	97.9	0	3.7	32,150
Kuwait	93.3	0.7	1.5	62,664
Kyrgyzstan	98.7	-2.6	8.2	2,400
Laos	73.0	-1.2	2.5	2,700
Malaysia	88.7	-0.4	3.0	15,800
Maldives	94.7	-12.6	14.5	6,405
Mongolia	94.6	0	11.7	3,056
Myanmar	89.9	-0.3	5.5	1,310
Nepal	60.3	0.6	NA	619
Oman	81.4	-0.5	24.4	25,221
Pakistan	54.9	-2.2	5.7	2,800
Philippines	92.6	-1.3	6.9	4,100
Qatar	96.3	-4.9	0.5	92,501
Singapore	92.5	4.6	1.9	60,500
Sri Lanka	90.6	-2.2	4.2	5,700
Syria	79.6	-11.2	9.2	5,100
Tajikistan	99.7	-1.2	60.0	2,100
Thailand	92.6	0	1.2	9,500
Turkey	94.1	0.5	8.0	10,498
Turkmenistan	98.8	-1.9	70	4,772
UAE	77.9	19.0	4.3	45,653
Uzbekistan	99.3	-2.7	8.0	3,300
Vietnam	94.0	-0.4	2.9	3,400
Yemen	63.91	0	35.0	1,361


Pinagkunan: [Data.world.bank.org/indicator/NY.CDP.PCAP.CD](http://Data.world.bank.org/indicator/NY.CDP.PCAP.CD)  
[www.tradingeconomics.com/mongolia/unemployment](http://www.tradingeconomics.com/mongolia/unemployment); [www.arabianbusiness.com/oman\\_economy\\_growing](http://www.arabianbusiness.com/oman_economy_growing)



## Pagyamanin

### Gawain 1: LIST-TO-GRAPH

**Panuto:** Itala sa Graphic Organizer ang mga katangian ng populasyon na nakatulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



### Gawain 2: SURVEY SAYS

**Panuto:** Batay sa mga talahayang inilahad sa bahaging Suriin, itala mo ang 10 bansang pinakamataas at 10 bansang pinakamababa sa mga sumusunod na aspekto. Maaari ka ring gumamit ng ibang sanggunian gaya ng datos mula sa internet. Siguraduhin mo lamang na ilalagay mo ang URL o link nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

#### A. Populasyon

##### 10 Pinakamataas

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

##### 10 Pinakamababa

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

*B. Batang Populasyon*

**10 Pinakamataas**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

**10 Pinakamababa**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

*C. Matandang Populasyon*

**10 Pinakamataas**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

**10 Pinakamababa**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

*D. Life Expectancy (Haba ng Inaasahang Buhay)*

**10 Pinakamataas**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

**10 Pinakamababa**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

*E. Literacy Rate (Bahagdan ng Marunong Bumasa at Sumulat)*

**10 Pinakamataas**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

**10 Pinakamababa**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

F. Migration Rate (Bahagdan ng Migrasyon/Pandarayuhan)

10 Pinakamataas	10 Pinakamababa
1. _____	1. _____
2. _____	2. _____
3. _____	3. _____
4. _____	4. _____
5. _____	5. _____
6. _____	6. _____
7. _____	7. _____
8. _____	8. _____
9. _____	9. _____
10. _____	10. _____

G. Unemployment Rate (Bahagdan ng walang hanapbuhay)

10 Pinakamataas	10 Pinakamababa
1. _____	1. _____
2. _____	2. _____
3. _____	3. _____
4. _____	4. _____
5. _____	5. _____
6. _____	6. _____
7. _____	7. _____
8. _____	8. _____
9. _____	9. _____
10. _____	10. _____

H. GDP Per Capita

10 Pinakamataas	10 Pinakamababa
1. _____	1. _____
2. _____	2. _____
3. _____	3. _____
4. _____	4. _____
5. _____	5. _____
6. _____	6. _____
7. _____	7. _____
8. _____	8. _____
9. _____	9. _____
10. _____	10. _____

**Gawain 3: TEKSTO-SURI**

**Panuto:** Batay sa iyong pagbasa at pagsusuri ng mga datos na inilahad sa bahaging Suriin, sagutan mo ang sumusunod na mga katanungan sa pamamagitan ng 3-5 pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. Gagamit ang iyong guro ng rubrik upang mabigyan ka ng kaukulang marka sa gawaing ito.

1. Ano ang population growth rate? Bakit mahalaga na malaman at masuri ito?
2. Ano ang implikasyon ng pagkakaroon ng bata at matandang populasyon?
3. Ano ang life expectancy? Bakit kinakailangang mabatid ang life expectancy sa isang bansa?



4. Suriin ang dami ng babae at lalaki batay sa talahanayanan blg. 1. Ano ang mas marami: lalaki o babae?
5. Anong mga bansa sa Asya ang may mataas na literacy rate? Saang rehiyon sa Asya matatagpuan ang mga bansang ito? Bakit mataas ang literacy rate sa mga bansang ito?
6. Anong mga bansa ang may pinakamababang literacy rate? Saang rehiyon sa Asya matatagpuan ang mga bansang ito? Bakit mababa ang literacy rate sa mga bansang ito?
7. Ano ang implikasyon ng literacy rate sa pag-unlad ng isang bansa?
8. Paano nakakaapekto sa isang lugar /bansa ang pandarayuhan?
9. May kinalaman ba ang populasyon sa kalagayang pangkabuhayan nito?
10. Bakit kailangan ang yamang tao sa bansa. Ipaliwanag?

#### **RUBRIK PARA SA SANAYSAY**

<b>Deskripsyon</b>	<b>Iskala</b>	<b>Iskor</b>
1. Kagalingan sa pag-unawa sa paksa	1 – 5	
2. Kagalingan sa pagsagot sa mga tanong	1 – 5	
3. Kagalingan sa interpretasyon	1 – 5	
4. Kagalingan sa pag-uugnay sa ibang isyu	1 – 5	
5. Kagalingan sa pagbubuod	1 – 5	

#### **Gawain 4: KAUGNAYAN AT EPEKTO, IPALILIWANAG KO!**

Panuto: Basahin at suriin ang bawat pahayag na may kaugnayan sa yamang tao. Ipaliwanag ang epekto at kaugnayan nito sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

<p>Ang pagkakaroon ng mataas na antas ng kamuwangan ng mamamayan ng isang bansa.</p>		
<p>Ang mabilis na pagtaas ng populasyon sa mga lungsod.</p>		
<p>Mas maraming populasyon ang walang hanapbuhay o pinagkakakitaan.</p>		



## Isaisip

### Gawain: Tumpak!

**Panuto:** Punan ng tamang sagot ang patlang mula sa mga salita loob ng kahon.


Natutuhan ko na nakaaapekto sa isang lugar ang migrasyon dahil... \_\_\_\_\_

Natutuhan ko na may epekto sa isang bansa ang mataas na unemployment rate dahil... \_\_\_\_\_

Natutuhan ko na mahalaga ang yamang tao sa bansa dahil... \_\_\_\_\_

Natutuhan ko na kailangang pangalagaan ang kapaligiran para sa pamumuhay ng tao upang... \_\_\_\_\_

Natutuhan ko na kailangang mabatid ang life expectancy ng isang bansa upang... \_\_\_\_\_



## Isagawa

### Gawain: Kaya Mo, Kaya Ko!

**Panuto:** Gumuhit ng isang bagay na maaaring sumimbolo sa kahalagahan ng yamang tao sa Asya. Pagkatapos, ipaliwanag sa loob ng di bababa sa walong pangungusap ang kaugnayan nito sa tungkuling ginagampanan ng yamang tao sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon.

#### PAMANTAYAN SA PAGGAWA

Nilalaman	- 12 puntos
Pagkamalikhain sa Paggawa	- 5 puntos
Kalinisan at Kaayusan ng Gawa	- 3 puntos

---

**KABUOAN = 20 Puntos**

### Gawain: Sino Ako!

**Panuto:** Sagutan ang iyong sariling personal data para sa paghahanda sa paghahanap ng trabaho.

Pangalan \_\_\_\_\_ Edad \_\_\_\_\_ Kasarian \_\_\_\_\_

Tirahan \_\_\_\_\_

Petsa ng Kapanganakan \_\_\_\_\_ Lugar ng kapanganakan \_\_\_\_\_

#### Mga Magulang:

Pangalan ng Ama \_\_\_\_\_ Natapos sa pag-aaral \_\_\_\_\_ Hanapbuhay \_\_\_\_\_

Pangalan ng Ina \_\_\_\_\_ Natapos sa pag-aaral \_\_\_\_\_ Hanapbuhay \_\_\_\_\_

#### Mga Kapatid:

1. \_\_\_\_\_ Gulang \_\_\_\_\_ Natapos \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_ Gulang \_\_\_\_\_ Natapos \_\_\_\_\_




## Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga katanungan, pagkatapos ay subukan mong sagutan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa talino, kakayahan, lakas, dami, at iba pang katangian ng tao na magagamit sa paggawa ng mga produkto at serbisyo?  
A. yamang dagat  
B. yamang lupa  
C. yamang mineral  
D. yamang tao
2. Ano ang maaaring magandang implikasyon o epekto ng malaking populasyon ng Asya sa pag-unlad ng rehiyon?  
A. Marami ang taong pakakainin sa bawat bansa sa Asya  
B. Marami ang kailangang makapagtapos ng pag-aaral sa Asya  
C. Marami ang magrereklamo sa pamahalaan ng mga bansa sa Asya  
D. Marami ang yamang tao at lakas-paggawa na makapagpauunlad sa Asya
3. Batay sa estadistika, normal ang hitsura ng population pyramid ng Pilipinas. Ibig sabihin, sapat ang dami ng gitnang populasyon para matugunan ang mga pangangailangan ng buong populasyon. Ngunit sa kabila nito ay mabagal pa rin ang pag-unlad ng bansa. Ano kaya ang maaaring dahilan?  
A. Katamaran ng mga Pilipino  
B. Kawalan ng trabahong mapapasukan  
C. Mataas na presyo ng mga bilingin  
D. Mabilis na paglaki ng populasyon
4. Ano ang tawag sa kakayahang magbasa, magsulat, at magbilang ng isang tao?  
A. functional candidacy  
B. congenital literacy  
C. functional literacy  
D. general education
5. Ano ang kahulugan ng positibong antas ng paglaki ng populasyon?  
A. Tumatalino ang mamamayan ng bansa  
B. Dumarami ang mamamayan ng bansa  
C. Tumataba ang mamamayan ng bansa  
D. Umuunlad ang mamamayan ng bansa
6. Malaki ang epekto ng paglaki ng populasyon sa ating likas na yaman sapagkat maraming mamamayan ang nangangailangan ng mga hilaw na materyales lalo't higit sa mga bansang mauunlad at bansang papaunlad pa lamang. Kung ating susuriing mabuti, ano ang magiging implikasyon nito sa ating likas na yaman ng Asya pagdating ng panahon?  
A. Ang likas na yaman ng Asya ay mauubos o mawawala.  
B. Mapreserba ang mga yamang likas ng Asya.  
C. Aangkat ang mga bansa sa Asya sa ibang mga kontinente.  
D. Higit na madadagdagan ang likas na yaman ng Asya.
7. Ang paglaki ng populasyon ay may malaking implikasyon sa ating likas na pinagkukunan. Paano naging magkaugnay ang tao at ang likas na pinagkukunan?

- A. Ginagamit ng tao ang likas na pinagkukunan upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan.
  - B. Ginagamit ng tao ang mga likas na pinagkukunan para lamang sa pansariling pag-unlad.
  - C. Ginagamit ng tao ang likas na pinagkukunan upang mapakinabangan ng lubos.
  - D. Ginagamit ng tao ang mga likas na pinagkukunan upang mabuhay ng matiwasay at mapaunlad ang pamumuhay.
8. Ang tao ay itinuturing na yaman ng isang bansa. Bilang isang kabataaan, paano mo maipakikita na ikaw ay yaman ng bansa?
- A. Pagsusumikap na makapagtapos ng pag-aaral at maging produktibong mamamayan.
  - B. Pagsali sa mga rally upang maiparinig ang tinig ng kabataan.
  - C. Pakikibahagi sa mga gawain na magbibigay ng pansariling kasiyahan.
  - D. Sisikapang maragdagan ang kaalaman upang magamit sa pansariling kapakanan.
9. Ang yamang tao ay katuwang sa pagpapaunlad ng isang bansa at maituturing na kayamanan. Sa iyong palagay, bakit itinuturing na pinakamahalagang yaman ng isang bansa ang tao?
- A. Dahil ang tao ang nangangalaga sa kaniyang kapaligiran ngunit inaabuso naman kalaunan.
  - B. Dahil ang tao ang lumilikha ng mga produkto para sa kaniyang sariling interes at kasiyahan.
  - C. Dahil ang tao ay may kakayahang kilalanin ang pangangailangan ng iba ngunit walang sapat na kaalaman upang tugunan ito.
  - D. Dahil ang tao ang nangangalaga at lumilinang ng likas na yaman para sa kapakinabangan ng lahat.
10. Ang paglaki ng populasyon ay isa sa suliraning kinakaharap ng ilang bansa sa daigdig. Alin sa mga sumusunod na bansa ang may pinakamalaking populasyon sa daigdig?
- |              |             |
|--------------|-------------|
| A. India     | C. China    |
| B. Indonesia | D. Pakistan |
11. Ang paglaki ng bilang ng populasyon sa Pilipinas ay pinangangambahan na magdulot ng ibayong problema sa bansa. Ano ang magiging epekto ng patuloy na pagtaas ng populasyon sa ating bansa?
- A. Mas dadami ang manggagawang Pilipino.
  - B. Mas lalala ang kahirapan at negatibong epekto sa kalikasan.
  - C. Tataas ang antas ng pag-unlad ng mga tao.
  - D. Hindi na mahihirapan ang mga tao sa paghahanap ng trabaho.
12. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagpapataas sa antas ng karunungan sa pagbasa at pagsulat sa iyong bansang kinabibilangan?
- A. Maghahanap ako ng mga taong maaaring makatulong sa kanila.
  - B. Ibahagi ko ang aking kaalaman sa pagbasa at pagsulat sa mga kabataang hindi nakapag-aral.
  - C. Ibibigay ko ang kanilang pangangailangan upang makatulong sa kanilang pag-aaral.
  - D. Isusulong ko ang mga proyekto ng paaralan upang makatulong sa mga batang walang kakayahang makapag-aral.


13. Kung ang populasyon ng isang bansa ay binubuo ng mga bata at matandang ppopulasyon, ano ang nakikita nating implikasyon sa usaping pang-ekonomiya ng isang bansa?
- Magkakaroon ng maraming lakas-paggawa.
  - Magkakaroon ng kakulangan sa lakas-paggawa,
  - Mas marami ang dapat na bigyan ng atensiyon ng pamahalaan sa aspetong medikal.
  - Mas maraming mamamayan ang dapat mangibang bansa.
14. Ayon sa Population Commission o PopCom, patuloy ang paglobo ng populasyon ng Pilipinas. Ano sa palagay ninyo ang kahihinantnan ng tao at ng ating bansa kapag nagpatuloy ang ganitong sitwasyon?
- Mas magiging produktibo ang mga tao at tataas ang produksiyon ng bansa.
  - Magiging maayos ang takbo ng ekonomiya ng bansa dahil sa pangangibang bansa ng mga OFW.
  - Mas tataas ang bilang ng populasyon at kakambal nito ang pagkukulang sa pinagkukunang yaman ng pangangailangan ng tao.
  - Magkakaroon ng mas maraming oportunidad at hindi na maghihirap ang tao.
15. Ang Indonesia ay isang bansa na nagsisikap na makontrol ang paglaki ng kanilang populasyon sa kanilang programang Quality Family 2015 subalit maraming naging balakid upang maisakatuparan ang kanilang layunin. Alin sa sumusunod ang mga naging balakid sa pagpapatupad ng kanilang programa?
- Ang pagkakaroon ng mga lokal na tradisyon at kultura.
  - Ang pagiging Islamiko ng karamihang mamamayan.
  - Kakulangan ng panahon upang maipatupad ang programa.
  - Ang pagtanggap at kaugalian ng mamamayan sa kanilang bansa.
- I, II, III
  - II, III, IV
  - I, II, IV
  - I, III, I.



## ***Karagdagang Gawain***

### **Gawain 7: “Ako ay Produktibong Pilipino”**

**Panuto:** Gumuhit ng isang malaking puso sa papel. Isulat sa itaas na bahagi kung ano ang gusto mong maging pagdating ng panahon at ipaliwanag sa baba ang kahalagahan nito sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon.




#### **PAMANTAYAN SA PAGGAWA**

Nilalaman/Kaangkupan ng pahayag	- 12 puntos
Pagkamalikhain sa Paggawa	- 5 puntos
Kalinisan at Kaayusan ng Gawa	- 3 puntos

---

**KABUOAN = 20 Puntos**



## Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1. Disertification
2. Salinization
3. Habitat
4. Ecological Balance
5. Deforestation
6. Siltation
7. Red Tide
8. Ozone Layer

**Subukin/Tayahin**

1. D
2. D
3. D
4. C
5. D
6. A
7. D
8. A
9. D
10. C
11. B
12. B
13. B
14. C
15. D

**Pagymanin**

Gawain 2: Survey Says

Maaaring maging batayan ang mga talahanayan o ang mga bagong datos buhat sa ibang sanggunian.

Gawain 3: Teksto-Suri

Gagamitin ng guro ang rubric upang matasa ang mga kasagutan ng mga mag-aaral.

**Pagymanin**

Gawain 1: LIST-TO-GRAPH

1. Gulang
2. Life Expectancy
3. Growth Rate
4. Kasarian
5. Literacy Rate
6. Migration Rate
7. Unemployment Rate
8. GNP Per Capita

Rate



## ***Sanggunian***

Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat (DepEd – IMCS). *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba*. Quezon City: Enduresources Publishing, Inc., 2014.

Department of Education, *Project EASE: Modyul 2: Yamang-Tao sa Asya*, Bureau of Secondary Education, 2009, 19-27.

Department of Education-<http://lrmds.deped.gov.ph>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)